7

# Learning Activity Sheet
# Sa Filipino
# Kuwarter 3- Week 4 - Melc 6
## Angkop Na Pahayag Sa Panimula, Gitna At Wakas Ng Akda



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Learning Activity Sheet 6

Pangalan ng Mag-aaral: ___________________________ Taon at Pangkat: __________

Petsa: ___________

## FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET

### ANGKOP NA PAHAYAG SA PANIMULA, GITNA AT WAKAS NG AKDA

### I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Nagagamit nang wasto ang angkop na mga pahayag sa panimula, gitna at wakas ng isang akda**. F7WG-IIIa-e-14**

### II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

**HUDYAT SA PAGKAKASUNOD- SUNOD NG MGA PANGYAYARI**

May mga panandang ginagamit na naghuhudyat ng pag-uugnayan sa iba't ibang bahagi ng pagpapahayag. Sa Filipino, ang mga panandang ito ay kadalasang kinatawan ng mga pang-ugnay. Ipinakikilala nito ang mga pag-uugnayang namamagitan sa mga pangungusap o bahagi ng teksto. May mga tungkuling ginagampanan ang mga panandang ito.

**a. Sa pagsisimula:** Una, sa umpisa, noong una, unang- una
**b. Sa gitna:** ikalawa, ikatlo, sumunod, pagkatapos, saka
**c. Sa wakas:** sa dakong huli, sa huli, wakas


### III. SANGGUNIAN

Mula sa Internet:
https://www.academia.edu/44426887/Hudyat_sa_pagkakasunod_sunod_ng_mga_pangyayari_at_iba

### IV. MGA GAWAIN

**GAWAIN 1**

Panuto: Gumawa ng sariling kuwento gamit ang larawan sa ibaba upang makabuo ng pahayag sa panimula, gitna at wakas. Gawin ito ng hindi bababa sa limang pangungusap. Gumamit ng sagutang papel kung kinakailangan.



**Gawain 1**

**Rubrik sa Pasulat ng Kuwento**

| Pamantayan | Kahanga-hanga (5) | Mahusay (4) | Magaling (3) | Pagbutihin pa (2-1) | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Ang kalinisan ay nakita sa kabuoan ng kuwento gayundin ang nilalaman ay makabuluhan | Ang nilalaman ng kuwento ay makabuluhan at malinis | May kaunting bura sa kuwento gayundin ang nilalaman ay hindi gaanong makabuluhan | Walang kabuluhan at kalinisang nakita sa kuwento | |
| **Pagkamalikhain** | Ang kabuoan ng kuwento ay makulay, masining at natatangi | Ang sanaysay ay kuwento ay masining at natatangi | Ilan sa mga salitang ginamit ay karaniwan na | Walang pagkamalikhaing Nakita sa paggawa ng kuwento | |
| **Istilo** | Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa | Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa | Ilan sa mga salita ay hindi malinaw | Walang kalinawan at pagkamalikhain | |
| **Tema** | Ang kabuuoan ng kuwento ay may kaisahan at kaugnayan | Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema | Ilan sa nilalaman ay hindi kaugnay sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sat ema ang nilalaman | |
| | | | | KABUOAN_______________ | |

**GAWAIN 2**

Panuto: Isulat sa isang buong papel ang iyong mga plano sa buhay pagkatapos ng kolehiyo Gumawa ng makabuluhang pangungusap gamit ang mga panandang hudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari tungkol sa iyong mga hangarin sa buhay.

Unang-una → Saka → Sumunod → Pagkatapos → Sa Huli


**Rubrik sa Pagpupuntos (Gawain 2)**

1. Orihinalidad --------------------------------------------------- 3 pts
2. Kaangkupan sa Paksa --------------------------------------- 3 pts
3. Kasiningan ng pananalita--------------------------------- 2 pts
4. Pagiging malikhain----------------------------------------- 2 pts


**Kabuoan--------------------------------------------------- 10 pts**

**GAWAIN 3**


Buoin ang larawan ng Bulkang Pinatubo sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pahayag upang mabuo ang pangkalahatang konsepto ng aralin.Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.



***A.***
mahalagang gamitin



***B.***
ang mga pahayag sa panimula, gitna at wakas



***C.***
upang magkaroon ng maayos at organisadong pahayag.

1. _____
2. _____
3. _____

**REPLEKSIYON**

Natutuhan ko sa araling ito na:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**SUSI SA PAGWAWASTO**

*Gawain 1*
*Guro ang bahala sa pagwawasto sa gawaing ito.*
*Gawain 2*
*Guro ang bahala sa pagwawasto sa gawaing ito*
*Gawain 3*
*1. C* *2. A* *3. B*